Ang Inyong Kalusugan, Ang inyong Kaligtasan

Patnubay sa mga Manggagawa

Ang impormasyong ito ay mula sa Pampangasiwaan ng Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Executive) (HSE) sa pakikipagtulungan sa Kongreso ng Pagkakaisa sa Hanapbuhay (Trades Union Congress) (TUC). Ang HSE ay isang kapisanang panggobyerno na nagtatrabaho upang ipagsanggalang ang kalusugan, kaligtasan at ikabubuti ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas sa kalusugan at kaligtasan, at ang magdulot ng payo at suporta. Ang TUC ay nag-representante ng mahigit na 70 unyong pang-hanapbuhay na may 6.5 milyong miyembro. Ito ay nangangampanya para sa kapakanan at maayos na pamantayan sa trabaho.

Kung ikaw ay isang empleyado (full-time o part-time, permanente o pansamantala), ang impormasyong ito ay nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan, mga inaasahan sa iyong amo, anong mga responsibilidad at kung saan dapat pumunta sakaling kailangan mo ng tulong.

Ito ay tumutukoy sa iyo, sa isang nagsisimula pa lamang sa trabaho na kumukuha ng karanasan sa trabaho, manggagawang nagsasanay, nagkakawanggawa, manggagawang lumilipat ang trabaho o manggagawang nagtatrabaho sa mga bahay-bahay.

Kung ikaw ay isang manggagawang pansamantalang nagtatrabaho o nagtatrabaho para sa isang ahensiya, ang iyong may-pagawa o kontraktor ay may legal na responsibilidad upang tiyakin na matanggap mo ang iyong mga karapatan sa nasasaayon dito.

Ikaw ay may karapatan :

- Magtrabaho sa mga lugar na kung saan ang mga panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan ay kontrolado.
- Huminto sa iyong trabaho at lisanin ang lugar ng iyong trabaho kung sa iyong palagay ikaw na nasa panganib.
- Ipaalam sa iyong may-pagawa ang tungkol sa mga isyu at mga pagkabalisa sa kalusugan at kaligtasan.
- Makipag-alam sa HSE o sa iyong lokal na mga autoridad kung ikaw ay may mga pagkabalisa sa kalusugan at kaligtasan at hindi mailagay ang sarili sa peligro.
- Sumali sa isang unyon at maging isang kinatawan ng kaligtasan.

- Bigyan ng sapat na oras na pahinga sa trabaho (na bayad) para sa pagsasanay at kung ikaw ay isang kinatawan ng kaligtasan.
- Bigyan ng kaukulang oras o 20 minutos na pahinga kung ikaw ay nagtatrabaho nang higit na 6 na oras at bigyan ng taunang bakasyon na bayad ng iyong may-pagawa.

Dapat mong :

- Pakaalagaan ang iyong kalusugan at kaligtasan at ang mga taong maaaring maapektuhan ng iyong ginagawa (o di mo ginagawa).
- Makipagtulungan sa iba sa kalusugan at kaligtasan at hindi panghimasukan, pangmalabisan ang anumang pinaglalaanan para sa kalusugan at kaligtasan.

Dapat ipaalam sa iyo ng iyong amo:

- Ang mga panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan sa iyong kasalukuyang trabaho at ipanunukala sa mga trabahong kinaugalian.
- Tungkol sa mga bagay na maaaring maapektuhan ang iyong kalusugan at kaligtasan
- Paano gawin ang iyong trabaho nang ligtas sa panganib.
- Mga ginagawa upang mapangalagaan ang iyong kalusugan at kaligtasan.
- Paano kumuha ng pangunahing lunas sa oras ng panganib
- Mga dapat gawin sa mga panganib o di-inaasahang pangyayari.

Ang amo ay dapat maglaan nang walang bayad o singil:

- Pagsasanay tungkol sa trabahong ligtas sa panganib.
- Proteksyon sa iyo at sa trabaho kung kinakailangan (sapatos o bota, damit, proteksyon sa mata at tainga, guwantes, maskara, at iba pa).
- Kaukulang ‘check-up’ sakaling nasa peligro ang iyong kalusugan dahil sa iyong trabaho.

(**tala :** Kung ikaw ang tapat na may-pagawa, responsibilidad mo ang maglaan ng sariling pagsasanay, magbigay ng kagamitang pamproteksyon, regular na 'check-up' at maglaan ng iyong sariling oras sa trabaho.)

Ang iyong may-pagawa ay kailangang magbigay ng kaukulang impormasyon ukol sa:

- *Health and Safety Law: What You Should Know*. Ito ay dapat na magbigay ng kaukulang detalye ng mga taong tutulong sa iyo.
- Mga pahayag sa kanilang patakaran at pahayag patungkol sa kalusugan at kaligtasan.
- Ang kasalukuyang *Employer's Liability (Compulsory Insurance) Certificate* na nakikita sa lugar nang iyong trabaho.

Kung ikaw ay nababahala sa iyong kalusugan at kaligtasan:

- Tawagan ang *HSO Infoline* 08701 545500 para humingi ng payo o magreklamo, o sa *TUC's Know Your Rights* 0870 600 4882.
- Kung ikaw ay kailangang makipagusap sa salitang naaangkop sa iyo, tawagan ang 08701 545500 at sabihin sa operator ang nais na salita.
- Kung ikaw ay nawalan ng trabaho sa dahilang tungkol sa kalusugan at kaligtasan, ikaw ay maaaring magreklamo sa *Employment Tribunal*. Itanong ang *trade union* o lokal na *Citizen's Advice Bureau* para sa mga tanong o payo.